Mensahe Walo

## Paglago tungo sa isang Banal na Templo sa Panginoon

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 2:5-6, 8, 18-22; 3:4-5; 1 Cor. 3:16-17; 6:17

**I. Ang ating pagkaligtas sa pamamagitan ng biyaya, sa pagbangong kalakip ni Kristo at pag-upong kalakip Niya sa sangkalangitan, at pagkakaroon ng pagpasok sa Ama ay para sa pagtatayo ng ekklesia, ang Kanyang Katawan, sa pamamagitan ng paglago tungo sa isang banal na templo sa Panginoon—Efe. 2:5-6, 8, 18, 21-22:**

A. Sama-sama tayong binuhay ng Diyos nang binuhay Niya ang naipako sa krus na Hesus; samakatwid, binuhay Niya tayong magkakasama na kalakip ni Kristo—b. 5.

B. Sa pamamagitan ng biyaya tayo ay naligtas mula sa ating abang posisyon ng kamatayan tungo sa kahanga-hangang kinasasaklawan ng buhay—b. 5.

C. Sa pamamagitan ng Diyos Anak, na siyang Tagapagtupad, ang pamamaraan, at sa Diyos Espiritu, na siyang Tagapagsagawa, ang pag-aaplay, mayroon tayong pagpasok tungo sa Diyos Ama, na siyang Tagapagpasimula, ang namumukod-tanging pinagmumulan—b. 18:

1. Sa pamposisyon, tayo ay naipagkasundo sa Diyos; sa pangkaranasan, tayo ay may pagpasok tungo sa Ama—bb. 16, 18:

a. Ang maipagkasundo sa Diyos ay ang maligtas; ang magkaroon ng pagpasok tungo sa Ama ay ang matamasa ang Diyos.

b. Kapag kinakaugnay natin ang Diyos, dumudulog tayo sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo sa loob ng Espiritu tungo sa Ama; ito ang Tres-unong Diyos sa ating karanasan at para sa ating katamasahan—b. 18.

2. Ang Ama ay dumating sa atin sa pamamagitan ng Anak sa loob ng Espiritu, at ngayon ay ibinabalik tayo ng Espiritu sa Ama sa pamamagitan ng Anak; sa pamamagitan nitong kamangha-manghang may dalawang daang trapiko, natatamasa natin ang pamamahagi ng Tres-unong Diyos—2 Cor. 13:14; Efe. 3:16-17a.

3. Ang sa pamamagitan ng Anak ay sa pamamagitan ng Tres-unong Diyos, ang sa Espiritu ay sa Tres-unong Diyos, at ang tungo sa Ama ay tungo sa Tres-unong Diyos; ganito natin nararanasan ang Tres-unong Diyos at ang paraan upang tayo ay maitayo—2:18, 21-22.

**II. Bilang mga mananampalataya kay Kristo at bilang mga sangkap ng Katawan ni Kristo, tayo ay "itinatayo sa ibabaw ng pundasyon ng mga apostol at ng mga propeta, na si Kristo Hesus Mismo ang siyang batong panulok"—b. 20:**

A. Yamang ang hiwaga ni Kristo, ang ekklesia, ay inihayag sa mga apostol, ang pahayag na natanggap nila ay itinuturing na pundasyon kung saan naitatayo ang ekklesia—3:4-5; 2:20:

1. Tumutugma ito sa bato sa Mateo 16:18, na hindi lamang si Kristo Mismo bagkus ang pahayag din hinggil kay Kristo, kung saan itatayo Niya ang Kanyang ekklesia.

2. Kailangan nating itayo ang ekklesia sa ibabaw ng mga apostol at mga propeta—Efe. 2:20.

B. Sa Efeso 2:20 si Kristo ay tinutukoy bilang batong panulok:

1. Pinaghuhugpong ni Kristo bilang batong panulok ang mga mananampalatayang Hudyo at mga mananampalatayang Hentil tungo sa banal na templo sa Panginoon—Awit 118:22-26; Efe. 2:20-22.
2. Si Kristo, ang batong panulok, ay para sa pagtatayo ng ekklesia sa Bagong Tipang kapanahunan—Mat. 16:18; Efe. 2:20-22; 1 Ped. 2:5:
   a. Para sa pagtatayo ng ekklesia bilang templo ng Diyos, kailangan nating maranasan si Kristo bilang batong panulok—bb. 6-7.
   b. Kay Kristo bilang batong panulok, ang buong gusali ay lumalago upang maging isang banal na templo sa Panginoon—Efe. 2:20-22.
3. Sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos si Kristo bilang batong panulok, sa Kanyang pagliligtas sa atin (Gawa 4:10-12), ay ginagawa muna tayong mga buháy na bato para sa pagtatayo ng espiritwal na bahay ng Diyos (Mat. 16:18; Juan 1:42; 1 Ped. 2:4-7) at pagkatapos, sa proseso ng Kanyang pagtatransporma sa atin (Roma 12:2a; 2 Cor. 3:18), ay itinatayo tayo tungo sa isang pinananahanang lugar ng Diyos (Efe. 2:19-22) upang maisagawa Niya ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos para sa mabuting kaluguran ng Diyos (1:9; 3:9-11).

**III. Kay Kristo, na siyang batong panulok, "ang buong gusali, na nagkakalapat nang magkasama, ay lumalago upang maging isang banal na templo sa Panginoon"—2:21:**

A. Ang pariralang *ang buong gusali* ay tumutukoy sa pansansinukob na pagtatayo, ang ekklesia sa buong sansinukob—b. 21.

B. Ang salitang *nagkakalapat* ay nangangahulugang ginagawang angkop para sa kondisyon at sitwasyon ng pagtatayo—b. 21:
1. Ang mailapat nang sama-sama ay ang mailapat nang sama-sama ang lahat ng bahagi ng balangkas ng Katawan upang bumuo ng isang estruktura—4:16.
2. Sa pagtatayo ang lahat ng materyales ay nailalapat nang sama-sama; ito ay hindi lamang upang ipunin bagkus upang itayo—2:21.

C. Yamang ang pagtatayo ay buháy, ito ay lumalago sapagkat ito ay organiko—1 Ped. 2:5:
1. Ang gusaling ito ay lumalago upang maging isang banal na templo, isang banal na pinananahanang lugar ng Diyos; ipinahihiwatig nito na ang banal na templo ay isang buháy na gusali—Efe. 2:21.
2. Tila, ang paglago at pagtatayo ay magkakahiwalay na bagay; sa katunayan, ang pagtatayo ng bahay ay ang paglago ng Katawan—4:15-16.
3. Ang pagtatayo ng ekklesia bilang templo, ang bahay ng Diyos, ay sa pamamagitan ng paglago sa buhay ng mga mananampalataya—1 Cor. 3:6-7; Efe. 4:15-16; Col. 2:19; 1 Ped. 2:2.
4. Ang Katawan ay lumalago sa paglago ng Diyos—Col. 2:19:
   a. Ang paglago ng Katawan ay nakadepende sa paglago ng Diyos, ang pagdaragdag ng Diyos, ang paglaki ng Diyos, sa loob natin—Efe. 4:16.
   b. Nagbibigay ang Diyos ng paglago sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang sarili sa atin sa isang subhektibong paraan—3:16-17a:
      (1) Ang ibigay ng Diyos sa atin ang paglago sa katunayan ay nangangahulugang ibinibigay Niya sa atin ang Kanyang sarili—1 Cor. 3:6-7.
      (2) Lalong naidaragdag ang Diyos sa atin, lalong paglago ang ibinibigay Niya—Efe. 4:15-16.
5. Lumalago ang ekklesia sa pamamagitan ng pamamahagi ng buhay, ang dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad—2 Cor. 13:14:

a. Ang tatlong panig na Diyos—ang Diyos Ama, Anak, at Espiritu—ay ipinamamamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin bilang buhay at bilang ating panustos-buhay—Efe. 3:16-17.
b. Hangga't ipinamamamahagi ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos ang Kanyang sarili tungo sa atin bilang buhay, tayo ay napakakain at tayo ay lumalago—4:15-16.
c. Sa mga ekklesia dapat nating pahalagahan ang tunay na paglago sa pamamagitan ng pamamahagi ng dibinong buhay—1 Cor. 3:6-7; 2 Ped. 1:5-7.

D. Ang buong gusali ay nagiging banal—Efe. 2:21:
1. Ginagawa tayong banal ng Diyos sa pamamagitan ng pamamahagi ng Kanyang sarili, ang Banal na Isa, tungo sa ating katauhan upang ang ating buong katauhan ay malaganapan at matigmakan ng Kanyang banal na kalikasan—1:4; 1 Tes. 5:23.
2. Ang maging banal tayo, na mga pinili ng Diyos ay ang makibahagi sa dibinong kalikasan ng Diyos at ang malaganapan ang ating buong katauhan ng Diyos Mismo; ginagawa nitong banal ang ating katauhan sa kalikasan at katangian ng Diyos, na katulad ng Diyos Mismo—2 Ped. 1:4; Efe. 5:27; Col. 1:22.

E. Ang buong gusali ay lumalago upang maging isang templo sa Panginoon—Efe. 2:21:
1. Ang salitang Griyego na isinaling "templo" sa bersikulo 21 ay nangangahulugang santuwaryo, ang panloob na bahagi ng templo.
2. Ang ekklesia ay ang templo ng Diyos; bilang gayon, ito ang santuwaryo ng banal na Diyos, ang templo kung saan nananahan ang Espiritu ng Diyos—1 Cor. 3:16-17:
a. *Ang templo ng Diyos* sa bersikulo 16 ay tumutukoy sa mga mananampalataya sa pansama-sama sa isang tiyak na lokalidad, samantalang *ang templo ng Diyos* sa bersikulo 17 ay tumutukoy sa lahat ng mananampalataya sa pansansinukob.
b. Ang namumukod-tanging espiritwal na templo ng Diyos sa sansinukob ay may kahayagan nito sa maraming lokalidad sa lupa; bawat kahayagan ay ang templo ng Diyos sa lokalidad na iyon—Efe. 2:21-22.
3. Walang templo sa Bagong Herusalem, sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan at ang Kordero ay ang templo nito—Apoc. 21:22:
a. Ang banal na lunsod ng Herusalem sa kabuuan ay magiging Kabanal-banalan; kaya, walang templo sa loob nito—b. 16.
b. Ang panloob na templo ay ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan at ang Kordero—b. 22.
4. Ang buong pagtatayo ng bahay ng Diyos, ang Kanyang santuwaryo, ay na kay Kristo na Panginoon—Efe. 2:21.

**IV. Tumutukoy sa mga lokal na banal sa Efeso, sinasabi ni Pablo, "Na sa loob Niya kayo [rin] naman ay itinatayo nang sama-sama upang maging isang tahanan ng Diyos sa espiritu"—b. 22:**

A. Ang templo at ang pinananahanang lugar ay tumutukoy sa dalawang aspekto ng parehong bagay—bb. 21-22:
1. Ang templo ay ang lugar kung saan kinakaugnay ng bayan ng Diyos ang Diyos, sinasamba ang Diyos, at pinakikinggan ang Kanyang orakulo—b. 21.
2. Ang pinananahanang lugar ng Diyos ay ang lugar ng kapahingahan; nagpapahinga ang Diyos sa Kanyang pinananahanang lugar—b. 22.

3. Ang templo at ang pinananahanang lugar ay hindi dalawang magkaibang lugar; sa halip, ang mga ito ay dalawang aspekto, dalawang pangsyon o paggamit, ng parehong pagtatayo.

B. Ang salitang *rin* sa bersikulo 22 ay nagpapahiwatig na ang pagtatayo sa bersikulo 21 ay pansansinukob at ang pagtatayo sa bersikulo 22 ay panlokal:
   1. Ayon sa konteksto, sa bersikulo 21 ang banal na templo ay pansansinukob, at sa bersikulo 22 ang pinananahanang lugar ng Diyos ay panlokal.
   2. Sa pansansinukob, ang ekklesia ay namumukod-tanging isa at lumalago sa pansansinukob; sa panlokal, ang ekklesia sa isang partikular na lokalidad ay iisa rin, at ang mga lokal na banal ay sama-samang naitatayo sa kanilang partikular na lokalidad—bb. 21-22; 1 Cor. 1:2; 3:16-17.

C. Ang pinananahanang lugar ng Diyos ay nasa ating espiritu—Efe. 2:22:
   1. Sinasabi sa bersikulo 21 na ang banal na templo ay nasa Panginoon, at sa bersikulo 22, na ang pinananahanang lugar ng Diyos ay nasa espiritu.
   2. Nagpapahiwatig ito na para sa pagtatayo ng pinananahanang lugar ng Diyos, ang Panginoon ay kaisa ng ating espiritu, at ang ating espiritu ay kaisa ng Panginoon—1 Cor. 6:17.
   3. Ang ating espiritu ay kung saan nagaganap ang pagtatayo ng pinananahanang lugar ng Diyos.

*© 2022 Living Stream Ministry*